


- JANUARY**
Matuguhon
- FEBRUARY**
Mahigugmaon
- MARCH**
Matinabungan
- APRIL**
Matinahuron
- MAY**
Mahapsay og Malimpyo
- JUNE**
*Maablik og Masunod sa
Dusaklong Oras*
- JULY**
Maantigo og Maabilidad
- AUGUST**
*Maginhuhunahunon
para sa Uban*
- SEPTEMBER**
Madaginoton
- OCTOBER**
Matinud-anon
- NOVEMBER**
Masaligan
- DECEMBER**
Maalampon



Edukasyon sa Pagpapakatao

Quarter 3 - Modyul 4:

Pagpapahalaga Sa Kultura



Name of Learner: _____

Grade & Section: _____

Name of School: _____



Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Maganda ang Pilipinas! Sagana ito sa dinarayong mga likas na kayamanan at kapaligiran. Bawat rehiyon at pangkat etniko ay lalo pang pinatingkad at pinakulay ng mga kakaibang kultura tulad ng katutubong kasuotan , sayaw, awit, laro, at iba pa. Ito ay sariling atin kaya't mahalín at ipaagmamalaki natin. Ikaw ,kilala mo ba ang iyong kinabibilangang pangkat etniko?

“Naranasan na ba ninyo ang magbabakasyon sa probinsiya?” “ Saang probinsiya naman kayo nagbabakasyon?” “ Alam ba ninyo kung saan ang South Cotabato?”

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang pagpapahalaga sa kultura ng iba't ibang pangkat etniko.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

Aralin 4

KULTURA NG MGA PANGKAT ETNIKO, MAHALAGANG MALAMAN

10. Naipagmamalaki / napahahalagahan ang nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng awit, laro at iba pa.

EsP4PPP-III-c-d-20



Balikan

Sa nakaraang modyul, inyong napag-aralan ang pagpapahalaga at paggalang sa pagkakaiba ng kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kuwentong bayan at katutubong sayaw. Sa modyul na ito, inaasahang mas mapapalalim pa ang pagpapahalaga at paggalang sa pagkakaiba ng kultura ng iba't ibang pangkat etniko tulad ng kuwentong bayan , katutubong sayaw, awit , laro at iba pa.

Gawain: **Pagdudugtong**

Panuto: Pagdugtongin ang Hanay A sa Hanay B upang malalaman ang wastong sagot.

HANAY A

1. Indigenous People

2. Amerasian

3. Tau't Bato

HANAY B

a. Sila ay matatagpuan sa Palawan . Marami sa kanila ay nabubuhay sa pangangaso at pangangalap ng bungang kahoy.

b. Ito ang tawag sa isang batang ang ama ay Amerikano at ang ina ay Pilipino.

c.Sila ang mga pangkat etnikong napanatili ang kanilang katutubong kultura hanggang ngayon.



Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aaralan mo ang kahalagahan ng nasuring kultura ng iba't ibang pangkat etniko sa pamamagitan ng pagbabasa ng isang kuwento

Basahin ang kuwento.

Maipagmamalaking T’Boli si Tatay!

Unang pagbisita ng mag-anak nina Abegail at Hadji sa South Cotabato, ang probinsiya ng kanilang tatay. Sa kanilang pamamasyal, sa daan pa lamang ay excited na ang magkapatid sa kanilang pupuntahan. Sinabi ng kanilang nanay na maliban sa kagandahan ng Lake Cebu ay marami pa silang makikitang ikasisiya nila. Wiling-wili si Abegail sa natatanaw nilang kulay rosas at putting bulaklak ng lotus na nagkukumpulan at nakalutang sa tubig.

Pagbaba pa lamang mula sa kanilang sasakyan ay inestima na sila ng magigiliw na taga pangasiwa ng resort na napili ng kanilang tatay. Siyang-siya muli si Abegail dahil sa nakita niyang kakaibang mga suot ng mga taong sumasalubong sa kanila.

“Kuya Hadji, kakaiba naman ang mga suot ng mga tao rito. Makukulay ang kanilang damit at marami pa silang palamuti sa katawan mula ulo hanggang paa.”

“Yon ba? Sila ay mga katutubong T’boli. Sabi ng aming guro, sila ang mga katutubong tao na naninirahan sa lugar na ito noon pa man at makukulay na T’nalak talaga ang kanilang kasuotan,” sagot ni Hadji kay Abegail.

Dali-dali silang tumuloy sa isang kubo na yari sa kawayan na nasa pampang ng lawa kung saan maaari silang magpahinga, magkuwentuhan, at hainan ng pagkain. Mabilis na inayos ng kanilang nana yang kanilang mga gamit at ilang dalang pagkain.

Maya-maya lamang ay mabilis na inihain sa kanila ang mga taong nakasuot T’boli ang mga pagkaing inorderng kanilang tatay. Habang kumakain ay may mga pangkat ng mga T’boli na may mas magagarbong kasuotan ang nagsimulang nagtanghal sa kubo nila. Dala ng mga lalaki ang iba’t ibang instrumenting pangmusika ng *monggong* o tmbol na yari sa balat ng hayop, *agong*, at *kulintang*. Hawak din ng mga babae ang mga instrumento nilang hinihpan tulad ng *sloli* o plawta na yari sa kawayan, *kubing*, at *few* o maliit na tambuli. Mayroon din silang instrumenting de-kuwerdas tulad ng *sludoy* at *hagalong*.

Maya-maya pa at nagsimula na silang tumugtog at sumayaw. Maindayog ang kanilang mga galaw. Bawat sayaw ay ipinapaliwanag ni Tarhata na siyang pinakapinuno ng mga nagtatanghal. May sayaw na para sa panliligaw, pagkakasal, paglalaban, pagwawagi, at pag-ibig. Bawat yugto ay pinapalangkapan nila. Gustong-gusto ni Hadji ang sayaw

ng ibon na isinagawa ng isang batang lalaking kasing-edad niya. Umawit din si Tarhata ng isang *utom* o awiting T’boli. Matapos umawit ay nagpapasalamat na sila at nagpapaalam.

“kayhuhusay naman nilang magtanghal! Talagang ipinagmalaki nila ang kanilang kultura at pagiging T’boli,” pahabol ng kanilang nanay.

“Oo nga po. At kaygagara ng kanilang kasuotan . Mula sa ulo ay may paynetang may abaloryong tanso at salamin. Pati ang mga tansong sinturon ay tumutunog-tunog at ang mga anklet ay gayon din,” dagdag ni Abegail.

“At pati mga tugtugin at awitin ay kakaiba ngunit tunay na maipagmamalaki kahit kanino man,” banggit naman ni Hadji.

Biglang nagsalita ang kanilang tatay na kanina pa pala natutuwa. “ Alam ninyo, mga anak, nasisiyahan ako sa iyong sinasabi. Ang mga T’boli ay isa sa mga napakaraming pangkat etniko rito sa ating bansa. Bawat pangkat ay may iba’t ibang kuwentong bayan, katutubong sayaw, laro at iba pa. Ang pagkakaroon natin ng napakaraming pangkat etniko ay hindi kahinaan n gating bansa. Ito ang nagpapakulay at nagpapaganda ng ating lahi. At bawat pangkat etniko ay tunay na ipinagmamalaki ng kanilang lahi.

“Dapat lang na ang isang tao ay may pagpapahalaga sa kaniyang sariling kultura. Paraan ito ng pagmamahal sa kanyang bansa,” sabat naman ng kanilang nanay.

Bigla uling nagsalita ang kanilang tatay, “Kaya naman ako ay talagang nagmamalaki sa aming mga katutubong T’boli. At dahil doon , nakilala at mahal na mahal mo ako , di ba? Ha ha ha!”

Biglang nagtawanan ang mag-asawa. Nagtataka namang nagtinginan ang magkapatid na Hadji at Abegail.



Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang iyong pang-unawa sa kahalagahan ng nasuring kultura ng iba’t ibang pangkat etniko tulad ng sayaw, awit, at laro.

MagLAR-NUNGAN Tayo! (Larong-Tanungan)

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Ilarawan ang kultura ng mga T’boli pagkatapos nilang magtanghal na hinangaan ng nanay nina Hadji at Abegail.

2. Ilarawan ang kultura ng mga T'boli pagkatapos nilang magtanghal na hinangaan ng nanay nina Hadji at Abegail.

Palalimin ang iyong pang-unawa sa binasang konsepto sa itaas sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na katanungan:

1. Tinutupad mo ba ang mga ipinangangako mo? Bakit?

2. Masasabi mo ba na “ako ay may isang salita”? Bakit?

3. Mapanghahawakan kaya ng mga tao ang iyong sinasabi? Bakit?

4. Sa iyong palagay, paano ipinakikita ang pagkamapanagutan sa pagtupad ng pangako?

5. Bakit kaya mahalagang malaman mo ang iba't ibang kultura ng mga pangkat etniko ng ating bansa?



Pagyamanin

Pagtatasa

Gawain: 1

Panuto: Basahin at ibigay ang inyong sariling saloobin tungkol sa sumusunod:

Ang T'boli ay isang pangkat etniko sa Pilipinas na may sariling mga kuwentong bayan, katutubong sayaw, awit, laro, at iba pa.

Kung ikaw ay isang T'boli, paano mo maipapakita sa kapuwa Pilipino at mga dayuhan ang yaman ng iyong kultura?

_____.

Bilang isang mag-aaral na may nakagisnang pangkat etniko, paano mo pinahahalagahan o ipinagmamalaki ang nakagisnang kultura?

_____.

Gawain: 2

Panuto: Basahin ang pardon ng sanaysay at buuin ang tsart batay sa binabasang sanaysay tungkol sa tinuyukoy na pangkat etniko .

Ang Cavite ay nasa Rehiyong Timog Katagalugan. Ang mga tao rito ay kabilang sa mga pangkat etniko ng Caviteño. Mayaman din sa kultura an gating pangkat etniko. Kilala tayo sa katutubong kasuotan na **Barong Tagalog sa kalalakihan at Baro't Saya sa kababaihan**. Ilan sa kuwentong bayan na kilala rito ay ang Bernardo Carpio ng Rizal at Maria Makiling ng Laguna. Ilan sa mga katutubong sayaw na dito rin nanggaling ay ang Subli ng Batanggas at Maglalatik ng Laguna. Sa mga awitin naman ay ilan sa mga itinuturo sa paaralan ang 'Tayo na sa Antipolo' at 'Lutong Filipino' mula sa Rizal . Kung pagkain naman ang pag-uusapan sa Timog Katagalugan matatagpuan ang kesong puti, puto, kalamay at iba pa. Sa mga larong pambata , bahagi ng kasaysayan ang mga laro tulad ng taguan, patintero, at luksong tinik na nilalaro din ng ibang pangkat etniko.

Kultura	Paano maipagmamalaki o pahahalagahan
Kuwentong bayan	
Katutubong Sayaw	
Awit	
Laro	

Pagtatasa 2

Panuto: Isulat sa loob ng *box* ang halimbawa ng katutubong awit ng mga Pilipino.

Rubrics sa Pagmamarka ng Ginuguhit

Mga Batayan	Antas ng Pagmamarka		
	5	3	2
1. Nilalaman	Malinaw na pagkasulat ang katutubong awit.	Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang pagkasulat ng katutubong awit.	Malayo sa paksa ang pagkasulat ng katutubong awit.
2. Organisasyon	Mahusay ang pagkasulat. Malinis at maganda.	Maayos ang pagkasulat ngunit hindi masyadong malinis at maganda.	Hindi maayos ang pagkasulat, marumi at malayo sa paksa .



Isaisip

Mahalagang maunawaan at igalang ang mga gawaing nagpapakita ng pagpapahalaga sa iba't ibang kultura ng mga pangkat etniko sa ating bansa. Kultura ang isa sa nagpapakilala rin sa pagkamamamayan ng mga taong nakatira sa isang bansa.

Iba-iba ang kultura ng bawat rehiyon at bawat pangkat etniko. Makikita ito sa mga katutubong kasuotan, kuwentong bayan, sayaw, awit, laro, at iba pa. Ito ay nagpasalinsalin na mula pa sa mga ninuno. Ito ay kaluluwa n gating lahi na hindi dapat mapahiwalay at makalimutan dahil ito ang nagpapatunay n gating pagiging makabansa.

Isaisip natin na ang pagpapahalaga at pagsasabuhay sa ating kultura ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa bansa. Mayaman at makulay ang kulturang Pilipino.



Tandaan Natin

Tinatayang may humigit kumulang 180 pangkat etniko sa Pilipinas. Sa Luzon, ilan sa mga kilala ay ang mga *Aeta* sa Mountain Province, *Bikolano* sa Kabikulan, *Gaddang at Ibanag* sa Gitnang Luzon, *Ivatan* sa Batanes, *Mangyan* sa Mindoro, *Tagalog* sa Kamaynilaan, at iba pa. Sa Visayas at Mindanao ay kilala rin ang mga *Subanen* sa Zamboanga Peninsula, *Bisaya* sa Kabisayaan, *Zamboangueño* sa Kamindanawan, at marami pang iba.

Iba-iba ang kultura ng bawat rehiyon at bawat pangkat etniko. Makikita ito sa mga katutubong kasuotan, kwentong bayan, sayaw, awit at laro, at iba pa. Ito ay nagpasalin-salin na mula pa sa mga ninuno. Hindi ito dapat mawala dahil sa nagbabagong panahon. Ito ay kaluluwa ng ating lahi na hindi dapat mapahiwalay at


makalimutan dahil ito ang nagpapatunay n gating pagiging makabansa.

Tandaan natin na ang pagpapahalaga at pagsasabuhay sa ating kultura ay isang paraan ng pagpapakita ng pagmamahal sa bansa. Mayaman at makulay ang Kulturang Pilipino.



Isagawa Natin

Panuto: Buuin ang larawan at iguhit ang katutubong kasuotan upang maipagmalaki mo ang kultura ng pangakat etnikong iyong kinabibilangan. Maari mong kulayan ang iyong guhit. Maaring lagyan mo rin ng iyong larawan ang nakalaang kahon. Kung ikaw ay babae sa kaliwa at kung ikaw ay lalaki sa kanan. Kompletuhin din ang patlang ng hinihinging impormasyon.



Ako ay si _____ ang pangkat etnikong aking kinabibilangan . Nakalarawan sa itaas na bahagi ang katutubong kasuotan na naipagmamalaki namin. Ang kwentong bayan na sikat sa aming pangkat etniko ay _____. Sikat na katutubong sayaw naman ang _____. Ang katutubong awit naman ay ang _____. Ang isang katutubong laro naman na aming nilalaro ay ang _____.

Maipagmamalaki ko ang mga ito sa pamamagitan ng



Tayahin

Panuto: A. Basahin ang mga tanong at bilugan lamang ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pangkat etniko ng South Cotabato ay tinatawag na _____.
a. mangyan b. badjao c. T'boli d. caviteño
2. Anong uring ugali mayroon ang mga tagapangasiwa ng resort na pinupuntahan ng mag anak nina Abegail at Hadji?
a. magiliw b. masungit c. tamad d. hindi makatao
3. Alin ang nakikita nina Abeagil at Hadji sa kasuotan ng mga tao sa South Cotabato?
A. makukulay na damit at palamuti sa katawan
b. walang tsinelas c. patadjong d. naka shorts
4. Anong pangkat etniko ang naiiba?
a. Badjao b. Maranao c. Tausog d. T'boli
5. Ang _____ ay isang katutubong laro ng mga Caviteño.
a. Madjong b. luksong tinik c. computer d. tinikling

Panuto: B. Idugtong ang pangkat etniko ng sumusunod na mga katutubong awit, at laro ng Hany A sa Hanay B.

Hanay A

6. Patintero
7. Luksong Lubid o *Chineses Garter*
8. Si Pilemon
9. Matud Nila
10. Taguan

Hanay B

- A. Tagalog
- B. Pampangeño
- C. Cebuano/Bisaya
- D. Ilokano
- E. Bulakiño



Susi sa Pagwawasto

Balikan
1. C
2. B
3. A

Tayahin B
6. E
7. A
8. C
9. D
10. B

Tayahin B
1. C
2. A
3. A
4. D
5. B

Sanggunian

- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakato 4*, Kagamitan ng Mag-aaral, pahina 207-218, Patnubay ng Guro , pahina 126-135

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: ELENITA G. RODRIGUEZ

T-II Bomba Elementary School
District 9, Division of Pagadian City

Editors/QA: JUANITO N. CANTILA JR., EdD

OIC – PSDS, District 14

Tagasuri:

Tagaguhit:

Tagalapat:

Tagapamahala:

DANNY B. CORDOVA, EdD, CESO VI

OIC Schools Division Superintendent

MARIA COLLEEN L. EMORICHA, EdD, CESE

OIC-Assistant Schools Division Superintendent

MARIA DIOSA Z. PERALTA

CID, CHIEF

MA. MADELENE P. MITUDA, EdD

EPS-LRMDS

JOVITA S. DUGENIA

EPS-EsP

Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanens, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

“And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?”

And the LORD replied “My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day, And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain; Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me, But only God can make a tree.